

Mga Tanong at Mga Sagot
Para sa mga Magulang at
Caregivers ng mga
Transgender at Gender
Diverse na Kabataan



Ang lahat ng mga kabataan ay may karapatang magkaroon ng mabuting pakiramdam sa kanilang sarili. Upang ang ating mga bata at kabataan ay lumaking malusog at masayang mga adults sa hinaharap, kailangan nilang maramdaman na sila’y ligtas, may sumusuporta at hinihikayat na maging kumportable sa kanilang sarili. Ito’y maaaring maging isang hamon para sa mga bata at kabataan na trans at gender diverse (may magkakaibang kasarian), dahil ang ating lipunan ay may lubos na mahigpit na mga inaasahan tungkol sa kung ano ang kahulugan ng maging isang lalaki o babae. Ang mga gender diverse na mga bata at kabataan ay maaaring mas maging target ng bullying at diskriminasyon sa kanilang mga paaralan dahil lamang sa pagiging kanilang sarili.

Bilang mga magulang at caregivers, responsibilidad natin na hikayatin ang ating mga na maging kumportable sarili. Ang layunin ng booklet na ito ay upang patnubayan ang mga magulang at caregivers kung paano pinakamahusay na susuportahan, mamahalin at pahahalagahan ang kanilang mga anak at panatilihin ang mga ito ay ligtas, malusog at masaya.

Dahil ang wika ay lubos na mahalagang bahagi sa pag-unawa, matatagpuan ang isang glossary o talahuluganan sa huling bahagi ng booklet na ito para sa mga termino/salitang maaaring hindi ka pa pamilyar.

Tulad ng maraming kaibhan ng mga tao, ang kasarian ay hindi simpleng paksa. Ang identidad ng kasarian (gender identity) ng isang tao ay tumutukoy sa kanilang mga internal na kahulugan ng pagiging isang babae, isang lalaki, o non-binary, agender, genderqueer, atbp. Ang identidad ng kasarian ay hindi nangangahulugan ng kanilang sekswal at romantikong atraksyon sa iba, na kung saan ay ang sekswal o romantikong oryentasyon ng isang tao. Bagaman ang sekswal na oryentasyon at identidad ng kasarian ay malapit na magkaugnay, sadyang ginawa ang booklet na ito para sa mga pamilya ng kabataan na transgender (trans) o gender diverse o may magkakaibang kasarian. Para sa karagdagang impormasyon kung paano susuportahan ang inyong anak na lesbian, gay/bakla o bisexual, mangyaring tingnan sa seksyon ng Resources.

Narito ang ilang mga karaniwang tanong na maaaring nasa isip niyo:

Paano ko malalaman kung ang aking anak ay trans o gender diverse?

Maaari nilang sabihin ito sa inyo. Maraming mga trans at gender diverse na mga bata at kabataan ay may makabuluhan at malakas na mga damdamin at pag-uugaling madalas na naiuugnay sa isang kasariang naiiba sa itinalaga sa kanilang kapanganakan. Minsan ito'y lubos na makikita sa pagpili ng mga kabataan ng pananamit at hairstyle na madalas na inuugnay sa "kabiláng" kasarian, tulad ng mga lalaki na gustong mag bestida. Mapapansin din ito minsan sa mga hindi halatang paraan tulad ng higit na pagkagusto sa mga katangian ng kabila na kasarian, mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan, tulad ng mga batang babaeng mas gustong maglaro bilang isang prinsiphe sa halip na isang prinsesa.

Maaari niyong mapansin ang mga pag-uugaling di naaayon sa kasarian o kumikilala sa ibang kasarian ng mga bata mula 2- 4 na taong gulang. Ang iba ay maaaring hindi ipakita ng mga katangiang ito hanggang sumapit sila ng pagbibinata o pagdadalaga (adolescence). Sa katunayan, ang ilang mga tao ay hindi nagsisimulang makaranas o magpahayag ng mga damdamin at pag-uugali hanggang sila'y maging adult o nasa hustong gulang na.

Karamihan sa mga bata ay gagamitin ang laro upang mag-eksperimento ukol sa kanilang mga ideya sa kasarian upang maunawaan kung sino sila at kung paano sila aangkop sa paligid nila- ito ay talagang pangkaraniwan. Kasabay nito, ang pagkabata at adolescence ay panahon ng malaking presyur upang sumunod sa inaasahan ng lipunan tungkol sa kasarian. Isipin lamang ang presyur na kinakaharap natin kahit na bilang adults na maging isang "perpektong babae" o "perpektong lalaki". Mahalagang sabihin sa inyong anak na ang bawat isa ay natatangi at mamahalin niyo sila kung sino man sila.

Maaaring napansin niyo ang paggamit namin ng salitang "magkakaibang kasarian" ("gender diverse") sa booklet na ito. Ito ay maaaring mangahulugan ng iba't ibang bagay, tulad ng mga kabataan na piniling maging nasa gender sa labas ng binary girl/babae at boy/lalaki (maaaring ang "non-binary", "agender" o "genderqueer" ay

mga salitang narinig niyong ginagamit nila). Ang “gender diverse” ay maaari ding gamitin bilang pantukoy sa mga bata at kabataan na ganap na kumportable sa mga identidad ng kasarian na itinalaga sa kanilang kapanganakan, gayunpaman, mas palagay sila sa kanilang sarili kapag ang pagpapahayag ng kanilang mga kasarian ay sa malikhaing paraan, tulad ng Princess Boys o Tomboys. Ang gender diversity o pagkakaiba-iba ng kasarian ay para sa lahat ng tao, at ito’y hindi lamang para sa mga taong makikilala bilang trans, at ang pagkakaiba-iba ng kasarian ay di palaging nangangahulugan na ang inyong anak ay maaaring kilalanin lamang maliban sa itinalagang kasarian sa kanilang kapanganakan.

Ano ang dapat kong gawin kung sa tingin ko ay trans ang aking anak?

Kung kinausap na kayo ng inyong anak tungkol dito, marahil ito’y nangangahulugan na pinagtitiwalaan nila kayo at inaasahan na kayo ay sumuporta. Panatilihing bukás ang linya ng komunikasyon, ngunit subukang igalang ang kanilang pagkapribado. Karamihan sa mga kabataan ay nahihirapang makipag-usap sa kanilang mga magulang at caregivers tungkol sa personal na mga paksa sa pangkalahatan. Kung hindi kayo kinakausap ng inyong anak tungkol sa kanilang kasarian ngunit may pag-aalala kayo na maaaring sila’y may pag-aalinlangan sa identidad ng kanilang kasarian, tandaan na ang mga magulang ay madalas na pinakahuling makakaalam dahil isinasaalang-alang ng mga bata ang magiging katugunan ng kanilang caregivers. Maaari ding wala pa silang kamalayan sa mga ito, o pwedeng nagsisimula pa lamang magkaroon ng katanungan sa kanilang identidad. Kapag dumating ang pagkakataon na hilingin na makausap sila tungkol sa kanilang kasarian, tiyaking magtanong nang malumanay at iwasan ang komprontasyon-unawain na maaaring nagsisimula pa lamang silang tuklasin ang kanilang kasarian at maaaring di pa sila handa para pag-usapan ito.

Kung ito’y isang kabataan, maaaring isang mahusay na paraan na ipahayag ang inyong pagsuporta ng hindi direkta sa pamamagitan ng positibong pagkomento sa kamakailang mga trans na paksa sa media o sa gender diversity sa pangkalahatan. Ang positibong pagkukwento tungkol sa mga trans na kaibigan o kasamahan ay maaari ring makapagbigay ng mensahe. Isa pang paraan upang buksan ang paksa ay magtanong sa inyong anak kung mayroon silang Gender & Sexuality Alliance (GSA) club sa high school. Higit na dumarami ang mga paaralan sa BC, lalo na sa Vancouver, ang mayroong ganitong club kung saan kumikilos bilang suporta para sa mga mag-aaral na nag-aalala tungkol sa homophobia at transphobia anuman ang kanilang kasarian o sekswal na identidad. Kapag sinimulan niyo at ng iyong anak ang talakayang ito tandaan na manatiling positibo at bukás ang isipan sa kanilang mga pananaw. Habang tila tinatanggap na ito ng lipunan, maaaring ang

inyong anak ay maglaan ng mahabang panahon upang maging kumportable sa bahaging ito ng kanilang sarili, at maaaring kailangan mo rin ng panahon upang matanggap at maunawaan ang aspeto ng kung sino sila. Kailangang maging mapasensya at magalang ang mga magulang at caregivers sa bawat isa at kanilang mga anak sa panahon ng pag-uusap at pagtuklas na ito.

Alalahanin na ang inyong anak ay parehong tao pa rin, may parehong mga interes, kakayahan at katalinuhan gaya ng dati. Sa kabila ng ilang nakagawian sa media na pag-stereotype sa mga trans na tao bilang malungkot, nag-iisa, nalilito, nakakatawa o naiiba. Karamihan sa mga tao na gender diverse at trans ay may napakaproduktibo at kasiya-siyang buhay, at nararamdaman na kabilang sila sa komunidad at pamilya. Ang inyong anak ay di nagbago; mas alam mo lang ngayon ang isang mahalagang bahagi ng kung sino sila, na naiba mula sa kung ano ang iyong inaasahan.

Sa mga pamilyang may Katutubo (Indigenous) na mga bata at kabataan, maaaring makatulong sa inyo na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga tungkulin at naging ambag ng Two-Spirit na tao mga sa kanilang nasyon at komunidad, at simulan ang makabuluhang pakikipag-uusap sa inyong anak kung ito ay naaakma sa kanila. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Two-Spirit, mangyaring tingnan sa Resources ng patnubay na ito ang mga organisasyon na maaaring makatulong sa inyong pag-aaral.

Paano kung ang mga miyembro ng aking pamilya o komunidad ay hindi tinatanggap ang mga trans o gender diversity?

Ang mga pamilya at miyembro ng komunidad ay maaaring may iba't ibang mga pananaw, saloobin at personal na ugnayan sa mga trans at gender diverse na tao. Patuloy na ipinakita sa mga pananaliksik na ang mga trans at gender diverse na kabataan ay mas mayroong malaking panganib sa harassment, karahasan, mga alalahanin sa kalusugang pangkaisipan, droga, kawalan ng matitirhan, at suicide na resulta ng diskriminasyon, rejection, at paghihiwalay na nararanasan nila. Halimbawa, ayon sa isang survey noong 2015 tungkol sa mga trans at gender diverse na kabataan sa buong Canada, 2/3 ng mga kabataan ang nag-ulat na nakaharap ng diskriminasyon dahil sa kanilang kasarian bagaman mas mababa sa kalahati ng mga kabataang na-survey ay nagsabi na ang kanilang pangkalahatang kalusugang pangkaisipan (kabilang ang pagpapahalaga sa sarili [self esteem], depresyon, kasiyahan, at suicidality) ay mabuti o mahusay (Veale et al., 2015). Dahil sa resulta ng mga epekto ng rasismo at kolonyalismo, ang kinikilalang mga

panganib ay mas mataas para sa mga Katutubong kabataan at kabataang may kulay.

Gayunpaman, ang mga aktitud at suporta ng mga magulang at caregivers para sa kanilang anak ay maaaring lumikha ng malaking pagkakaiba. Iniulat din sa nabanggit na survey na ang mga kabataan na nakadarama ng suporta mula sa adults na miyembro ng pamilya at komunidad (mga guro, service providers, mga kapitbahay atbp) ay "4 na beses na mas malamang na mag-ulat na mabuti o mahusay ang kalusugang pangkaisipan... at higit na mas mababa ang posibilidad na magtangkang mag-suicide." (Veale et al., 2015). Natuklasan din mula sa pananaliksik ng TransPULSE Project sa Ontario na ang "trans na mga kabataan na may mahusay na suporta ng mga magulang para sa kanilang gender identity at expression ay iniulat na mas mataas ang kalidad ng kasiyahan sa buhay (life satisfaction) , mas mataas ang pagpapahalaga sa sarili, mas mahusay ang kalusugang pangkaisipan " (Travers, et al., 2012).

Ang pagiging matatag na kalooban ng ating mga anak ay nagsisimula sa tahanan, ngunit maaari ding mayroon silang mga positibong role-models, mga libro at mga resources na maaaring magamit ng gender diverse na mga bata at kabataan sa loob at labas ng kanilang komunidad. Kung hindi sumusuporta ang mga kamag-anak, maaaring kailangan mong tumulong na turuan ang mga ito, at sa huli'y gumawa ng mga opsyon na makakatulong na mapanatili ang pagpapahalaga sa sarili ng inyong anak. Dapat rin tandaan na ang gender diversity ay matatagpuan sa buong mundo, sa bawat kultura at relihiyon, at palaging isang bahagi ng kasaysayan. Kung ang inyong anak ay nakakaranas ng kakulangan ng suporta o rejection dahil sa mga kultural na pinahahalagahan ng mga miyembro ng pamilya, maaari maging kapaki-pakinabang na suriin ang kasaysayan ng gender diverse na tao sa kanilang mga partikular na kultura (hal. Two-Spirit na mga tao sa Katutubo ng Canada at US, Bakla sa Pilipinas). Halimbawa, ang direktang resulta ng kolonisasyon sa mga Katutubong tao, pamilya at komunidad ay ang pagtangkang burahin ang Two-Spirit na tao, gayundin ang mga homophobic at transphobia na batas na pinairal ng mga European na kolonyalista. Sa puntong ito, maaaring mahalaga na humingi ng karagdagang impormasyon sa mga tradisyonal na tungkulin at kontribusyon ng Two-Spirit na mga tao sa inyong nasyon (para sa inyong kaalaman, ito ay isa sa maraming matinding epekto ng kultural na henosidyong naganap sa panahon ng kolonisasyon; ang pagkawala ng koneksyon sa kultura at tradisyon ng maraming Katutubo).

Sa anumang komunidad ay malamang na may mga magulang at caregivers na katulad niyo, kabilang ang mga talagang sumusuporta sa kanilang gender diverse na mga anak. Maaari mong kontakin ang ilan sa mga resources na nakalista sa likod, tulad ng Trans Care BC, upang matulungan kayong makahanap ng isang peer

support group na malapit sa inyong lugar, o isang online network ng suporta para sa mga magulang at caregivers ng mga trans at gender diverse na kabataan. Marami ring mga libro, pelikula, online resources, at mga video na makakatulong sa inyong maunawaan na kayo ay hindi nag-iisa sa pagkakaroon ng isang anak na gender diverse.

Paano ko maipapakita ang suporta sa aking anak?

Ang suporta ay magiiba-iba depende sa edad ng inyong anak, mga pangangailangan at bagay na kailangan nila ng tulong. Ang isang napakabisang paraan ng pagsuporta ay hikayatin ang mapanlikhang katangian at mga layunin ng inyong anak tulad ng gagawin niyo sa mga gender normative na anak. Halimbawa, gumagamit ang inyong anak ng parehong creativity at inisyatiba kung sila man ay naglalaro ng manika o toy truck, dressing up tulad ng isang prinsesa, nars o bombero o nag-aaral mag-bake, sumayaw o magbuo ng isang lego town.

Dapat niyong malaman na mayroong pagkakaiba sa pagitan ng aktibong pagsuporta, pangkalahatang di-pagsuporta, at rejection o pagtangga. Ang rejection ay maaaring panunukso o pangmamaliit dahil sa kanilang gender creative na pag-uugali, pamimilit na sila ay kumilos / magdamit / mag-isip sa isang paraan na mas gender normative, pag-aalis ng mga laruan / damit / mga kaibigan na nakikitang "nakakahikayat" sa kanilang gender diverse na pag-uugali. Sa ilang kalagayan, ang rejection ay maaaring ang literal na pagpapaaalis ng mga magulang at caregivers sa kanilang anak dahil sa tingin nila ay hindi nila matatanggap ang identidad ng kasarian ng kanilang anak sa kanilang tahanan. Ang di-pagsuporta ay maaaring hindi lantad tulad ng hindi pagpuri / pag-apruba / di-pagpansin sa kanilang gender identity, hindi pagbanggit ng kanilang bagong pangalan, pag-iwas na magtanong tungkol sa kanilang mga damdamin sa kasarian o suliranin na maaaring nakakaharap ng mga ito sa mga kaibigan o paaralan. Ang di-pagsuporta ay maaaring hindi gaanong masakit pero sa katotohanan ay pagkakait ng pagmamahal, ng paghikayat at pag-aruga - mga bagay na mahalaga para sa pagdibelop ng isang malusog na pagpapahalaga sa sarili o self-esteem, at na maaaring maging kasing panganib ng rejection sa isang gender diverse na bata.

Ang aktibong pagsuporta ay tulad ng paghikayat, paglalaan ng panahon upang makinig, pagiging kumportable sa pagtatanong, pagpuri sa mga bagay na maipagmamalaki ng inyong anak at pagtataguyod sa karapatan ng inyong anak sa kanilang tinitirhan, paaralan at social life. Maaari rin itong mag-anyo bilang pagkonekta sa kanila sa iba pang mga trans na kabataan, paggawa ng inyong sariling pananaliksik upang mas mahusay na maunawaan ang gender diversity o panonood ng mga pelikula kasama sila at pagbabasa ng mga libro na nagpapakita

ng positibong katangian ng mga gender diverse na tao. Ang pagkahiwalay o isolation ay karaniwang problema ng mga gender diverse na kabataan na nakatira sa rural area kung saan maaaring mas limitado ang access sa mga resources o positibong representasyon ng mga trans sa kanilang komunidad. Dahil dito, ang internet at mga social networking site ang maaaring tiyak na paraan upang magkaroon ng komunidad ang mga gender diverse na kabataan. Habang ang social networking at iba pang mga online site ay maaaring mahusay na mga tools para sa pag-aaral at pagkonekta sa iba pang mga trans at gender diverse na kabataan, ito ay mayroon ding panganib kaya siguraduhing kausapin ang mga bata tungkol sa ligtas na paggamit ng internet (huwag magbigay ng personal na impormasyon o makipag-meet up sa mga di kakilala). Ang pagiging matatag na kalooban ng ating mga anak ay nagsisimula sa tahanan, ngunit maaari rin mayroon silang mga positibong role-models, mga libro at resources na maaaring ma-access ng mga na kabataang gender diverse sa kanilang komunidad.

Ang mahalaga sa pagsuporta sa iba ay matiyak na ikaw ay kapwa may mga tools at personal na resources (pandamdamin, pangkaisipan, atbp) upang magawa ito. Tiyakin na mayroon kang isang taong maaaring makausap tungkol sa iyong damdamin; isang propesyonal, kaibigan o iba pang mga magulang ng gender diverse na kabataan. Huwag umasa sa iyong anak na magbigay sa iyo ng emosyonal na suporta o edukasyon dahil kumikilos ka upang suportahan ang mga ito- sila ay kumikilos upang suportahan ang kanilang mga sarili. Ang pakikipag-ugnayan sa iba pang adults ay lumilikha ng suporta na maaaring kailangan mo bilang isang caregiver, upang ikaw ay maging malakas, may kompyansa at naroroon ka kapag kailangan ng inyong anak.

Ano ang pagkakaiba ng sekswal na oryentasyon at identidad ng kasarian?

Ang identidad ng kasarian at sekswal na oryentasyon ay dalawang magkahiwalay na bagay. Ang sekswal na oryentasyon (pagiging gay/bakla, lesbian, bisexual, heterosexual, pansexual, asexual) ay tungkol sa kung kanino ka pisikal at emosyonal na naaakit. Ang identidad ng kasarian ay tungkol sa kung paano tinutukoy ng isang tao ang kanyang sarili, halimbawa, babae, lalaki, agender, gender non-binary, genderqueer, atbp). Samantalang ang ilang mga tao na trans ay maaaring gay, lesbian, bisexual, pansexual o asexual, pero marami rin ang hindi. Ang sekswal na oryentasyon ng isang taong trans ay depende kung kanino siya naaakit. Tiyakin na sinusupportahan niyo ang inyong mga anak hindi lamang sa kanilang identidad ng kasarian kundi pati na rin sa kanilang sekswal na oryentasyon.

Ayon sa kasaysayan, para sa karamihan ng mga taong Two-Spirit, ang sekswal na oryentasyon ay itinuturing bilang bahagi ng kanilang pangkasariang tungkulin. Kaya kung ang inyong anak at pamilya ay tinutuklas ang mga tungkulin at kontribusyon ng mga taong Two-Spirit, maaaring matuklasan niyo ang mahigpit na ugnayan sa pagitan ng identidad ng kasarian at pagpapahayag at sekswal na oryentasyon. Gayunpaman, may iba't ibang paraan ng pagiging Two-Spirit, at hindi palaging ganito ang kalagayan, depende ito sa mga ispesipikong nasyon.

Ano ang sanhi ng pagkakaiba-iba ng kasarian? Bakit ang ilang mga tao ay trans at ang iba ay cisgender?

Walang 100% na nakakaalam kung bakit ang ilang mga tao ay gender diverse o trans at ang iba ay hindi. Ilang mga mananaliksik ang naniniwala na ang identidad ng kasarian ng isang tao ay tinutukoy ng isang kombinasyon ng mga impluwensya bago at pagkatapos ipanganak. Ang mga impluwensyang ito (genetic, hormonal, emosyonal, kapaligiran, atbp) ay maaaring sama-samang maging aktibo sa panahon ng paglaki at pagdibelop ng isang tao upang matukoy, bukod sa iba pang mga katangian, ang sekswal na oryentasyon at identidad ng kasarian. Ang malinaw ay ang karamihan ng mga trans na tao ay hindi nila kailanman pinili ang kanilang identidad ng kasarian, simpleng ganoon talaga sila. Sa katunayan, karamihan sa mga ito ay naglaan ng maraming panahon at enerhiya upang subukang umayon sa pamantayan sa kararian (gender norms) ng lipunan.

Karaniwan para sa mga magulang na magtaka kung may nagawa silang mali na naging sanhi upang maging gender diverse ang kanilang anak. Tulad ng pagiging gay, lesbian o bisexual- walang siyentipikong pananaliksik ang nagmungkahi na ang estilo ng pagiging magulang o mga pagpipilian ay tumutukoy sa sekswal na oryentasyon o identidad ng kasarian ng isang bata. Ang mahalagang bagay na dapat tandaan ay hindi kung bakit ang ilang mga bata ay gender diverse, walang katibayan na ang gender diversity ay isang bagay na maaaring "gamutin" o "maiwasto" sa pamamagitan ng mga estilo ng pagiging magulang o psychotherapy. Sa katunayan, may mga ebidensya na ang pagtatangka upang "maiwasto" ang gender diversity sa mga bata ay lumilikha lamang ng mas malaking pinsala kaysa makabuti sa bata at sa tiwala sa relasyon ng magulang at anak. Ipinapahayag ng Canadian Association of Social Workers (CASW) na ang gender diverse na mga bata at kabataan ay dapat manindigan sa kanilang kinikilalang kasarian (self-identified gender) at itinuturing na anumang propesyonal na pagtatangka na baguhin ang identidad ng kasarian o pagpapahayag ng mga bata at kabataan upang umayon sa social norms ay paglabag sa etika at pag-abuso ng kapangyarihan at awtoridad (<http://www.casw-acts.ca/en/joint-statement-affirmation-gender-diverse-children-and-youth>).

VS: Mga Tanong at Mga Sagot Para sa mga Magulang at Caregivers ng mga Transgender at Gender Diverse na Kabataan

Dapat ba kaming makipagkita sa isang propesyonal ng aking anak (doktor, counsellor, atbp)?

Depende ito kung kumportable ang inyong anak sa kanyang gender diversity. Ang ilang kabataan ay nais lamang ng suporta mula sa kanilang mga mahal sa buhay at patuloy na ipahayag ang kanilang kasarian. Ang iba ay maaaring humingi ng payo at humanap ng mga medikal na opsyon na maaaring kinakailangan nila upang maging kumportable, lalo na kung sila'y nakakaranas ng malaking dysphoria sa kasarian. Kabilang sa mga medikal na opsyon na maaaring gamitin ng inyong anak ay ang hormone blockers, kung saan ay makakatulong na pansamantalang pigilin ang mga pagbabago sa katawan pagsapit ng puberty (o pagdadalaga/pagbibinata). Sa usapin ng counselling o therapy, makakatulong sa maraming kabataan kung mayroon silang isang tao na makakausap tungkol sa mga stressors o pangamba na maaaring karaniwan sa mga trans na kabataan, bullying o kawalan ng makukuhang suporta sa kanilang komunidad. Ang ilang kabataan ay maaaring maghanap ng suporta sa peer group o mga counsellor sa paaralan. Ang pinakamahusay na paraan upang malaman kung paano susuportahan ang inyong mga anak ay ang alukin sila ng ilang mga naiisip niyong opsyon at bigyan ang mga ito ng pagkakataon na pumili o sabihin sa inyo kung anong uri ng suporta ang sa tingin nila ay pinakamabuti para sa kanila.

Habang mahal natin ang ating mga anak at ay nagsusumikap na suportahan sila, hindi lahat ng tao ay katulad natin ang pang-unawa, kahit na ang mga doktor at propesyonal sa mental health. Mabuting gumawa muna ng pananaliksik o magsimulang magtanong mula sa mga propesyonal na nais niyong hingan ng tulong, upang matiyak na ang mga ito ay susuporta sa inyong anak. Hikayatin ang matapat na puna o feedback mula sa inyong anak at seryosong kausapin sila tungkol sa kung ano ang pakiramdam nila tungkol sa mga doktor, counsellor at youth worker na kumakausap sa kanila.

Para sa mga Two-Spirit na kabataan, maaaring kailangan din nila ng oras upang makipag-usap sa mga elders sa alinman sa kanilang komunidad, mula sa kanilang nasyon (kung kilala nila ang mga ito), o mismong sa komunidad ng Two-Spirit. Muli, dahil sa mga epekto ng kolonisasyon at ng mga nagresultang henosidyo sa kultura, maaaring maraming mga taong Katutubo ang walang sapat na kamalayan tungkol sa naging mahalagang papel ng mga taong Two-Spirit sa kanilang mga komunidad at pamilya ayon sa kasaysayan. Kaya mahalagang matiyak na ang mga elders o iba pang Katutubong mentor na kumakausap sa inyong anak ay mayroong sapat na kaalaman sa mahalagang kontribusyon ng mga Two-Spirit na tao sa kanilang mga komunidad.

Sa ilang lugar sa BC, maaaring makakuha ng mga doktor, nars, counsellor, mga youth worker at social workers na may kasanayan upang suportahan ang mga gender diverse na kabataan at kanilang mga pamilya. Matatagpuan ang resources sa likod ng booklet na ito.

Ito ba ay isang bahagi ng paglaki o phase lamang?

Ang pagkabata at adolescence ay mga panahon ng mabilis na paglaki at mga pagbabago kapwa sa katawan at damdamin. Kasangkot dito ang pagmuni-muni (self-reflection) at pagtuklas ng mga kabataan tungkol sa kung sino sila at kung paano ang pananaw nila sa mundo. Bilang isang magulang o caregiver, ang mahalaga ay ang suportahan ang inyong mga anak kung ano man sila. Ang pagtuklas ng identidad ng kasarian at pagpapahayag ay isang normal at malusog na bahagi ng paglaki.

Maaari itong maging masalimuot para sa mga magulang at caregivers, lalo na sa mga may maliliit na anak, na maging bahagi ng pagtuklas ng kasarian ng inyong anak at di alam kung saan ito hahantong. Ang ilang mga trans at gender diverse na bata ay matutuklasan ito sa kanilang buhay ngunit ang iba ay hindi. Ang mahalaga ay panatilihin nating bukás ang mga linya ng komunikasyon at maging magalang upang ang inyong anak ay mas malamang na patuloy na magbahagi ng kanilang mga natuklasan at karanasan sa inyo hanggang sa adulthood. Kung ang inyong anak ay patuloy na piliin na maging trans o gender diverse sa hinaharap, kapwa niyo makikita ang magandang resulta ng suportang ibinigay niyo nang maaga.

Gaano kalaganap ang pagiging trans at gender diverse?

Ito ay kumplikado dahil di ito nakikita at napaka-personal na katangian ng identidad ng kasarian ng isang tao, lubhang mahirap sagutin ang tanong na ito sa isang estatistikong paraan. Binibilang ba natin ito sa pamamagitan ng kung gaano karaming tao ang humingi ng medikal na opsyon, kung ilang mga tao ang naobserbahan natin na nagpakita ng mga palatandaan ng gender diversity, o kung gaano karaming mga tao ang kumportable o ganap na ligtas ang pakiramdam upang ipahayag na sila'y gender diverse sa isang survey? Ang talagang sinusubukan lamang nating sukatin ay kung ilan sa atin ang lumihis mula sa "nakaugalian" na kasarian. Dahil ang mga ideyang ito kung ano ang itinuturing na pinaka-kanais-nais para sa mga babae at mga lalaki sa mga tuntunin na kung paano nila ipakikilala ang kanilang sarili at kung paano sila kumilos dahil nagbabago ito sa pagtakbo ng panahon at nag-iiba ayon sa kultura at komunidad, ito ay napakahirap

na ipaliwanag at tukuyin. Ngunit, dapat nating tandaan na LAHAT ay may kasarian, hindi lamang gender diverse na mga tao, at lahat ay nagpapahayag na may kaunting pagkakaiba. Kung hindi natin titingnan ng masyadong malapit ang ilan sa mga nakaugaliang pamantayan kung paano ang itsura o kumilos ang isang ideal na lalaki o babae, makikita natin na ang gender binary system ay itinaguyod ang ilang mga di makatotohanang pamantayan na mahirap makamit ng karaniwang tao, o kung kailangan nga ito.

Ano ang magiging anyo ng relasyon ng aking trans o gender diverse na anak?

Gusto nating lahat na ang ating mga anak ay makaranas ng masaya at malusog na relasyon at pakikipagkaibigan. Ang mga trans ay tulad din ng ibang tao sa lipunan; marami ang makakahanap ng mga kahanga-hangang karelasyon sa buhay, ang iba ay mahihirapang humanap ng tao na bagay para sa kanila at ang ilan ay maaaring piliing magsarili upang maging maligaya. Sa Canada, ang inyong anak ay maaaring lumaki at magpakasal sa sinumang iniibig nila, anuman ang kanilang kasarian o sekswal na oryentasyon.

Ang matutunan kung paano magpanatili ng malusog na relasyon (sa mga kaibigan, pamilya, romantikong karelasyon atbp) ay nagsisimula sa tahanan. Kapag mas positibo ang role models ng inyong mga anak ukol sa relasyon ay mas malamang na magkaroon sila ng malusog na relasyon. Ang pagmamahal at suporta ng isang magulang o caregiver ay napakahalaga sa pagpapanatili ng anumang relasyon. Tunay na mahalaga rin na makakuha ng suporta mula sa iba pang kamag-anak at komunidad. Kaya maaaring mahalaga rin sa inyong anak na trans at partner na isama sila sa mga pagtitipon ng pamilya. Alam ng ilang mga magulang na maaaring kailangan nilang linawin sa mga kamag-anak kung anong uri ng suporta ang kinakailangan ng inyong anak, upang ang bawat isa ay maituring nang may paggalang.

Dapat ko bang kausapin ang aking anak tungkol sa mas ligtas na pagtatalik (safer sex)?

Tulad ng gagawin mo para sa iba mong anak, dapat mong payuhan ang iyong gender diverse na anak na na sila’y magsagawa ng mas ligtas na pagtatalik. Hikayatin din silang makipag-usap sa isang counsellor ng paaralan, health care provider o youth worker. Mulí, dapat mong tulungan ang iyong mga anak upang makahanap ng suporta na magtataguyod ng kanilang kasarian. Sino mang mga

teenager ang aktibo sa sex ay dapat regular na bumisita sa isang health clinic para magpa-test at siguruhin sa kanila na ang anumang bagay na sabihin nila sa isang health care professional ay mananatiling kompidensyal. Habang ang sexually transmitted infection (STI) ay maaaring makaapekto kahit kanino, iyong may mga sumusuporta at malusog na pamumuhay at kapaligiran ay di gaanong nanganganib at mas malamang na hindi lumahok sa mga mapanganib na pag-uugali sa sex. Isang madalas na di bigyang diin sa pakikipag-usap sa inyong teenager tungkol sa mas ligtas na pagtatalik ay ang paksa ng pagsang-ayon, kaya tiyakin din ninyong ipaliwanag sa kanila ang kahalagahan ng kapwa pag-alam at pagpapahayag ng kanilang mga hangganan, pati na ang paggalang sa hangganan ng iba.

Maaari bang magkaroon ng kanilang sariling anak ang aking anak na trans balang araw?

Ang transition ay hindi nangangahulugan na ang isang tao ay magiging baog o di magagawang magkaanak, bagama't ang ilan mga medikal na opsyon ay maaaring makaapekto sa paggana (function) ng reproductive system ng isang tao. Parami nang parami ang mga trans na tao ang pumipiling magkaanak at magpalaki ng mga bata. Sa pagbanggit nito, ang pagkakaroon ng anak ay hindi para sa lahat ng tao at mas nagiging di na gaanong inaasahan ng lipunan, na wala ring kinalaman sa sekswal na oryentasyon o identidad ng kasarian ng isang tao. Ang mga desisyon sa pagbubuntis at pagpapalaki ng mga anak ay mayroong kinalaman sa antas ng suporta at resources na makukuha ng mga trans.

Makakaranas ba ng diskriminasyon ang aking anak o pamilya?

Minsan ay hindi hinihikayat ng mga pamilya ang gender diversity sa kanilang mga anak dahil natatakot silang magiging malungkot ang buhay ng kanilang anak, nag-iisa, o magkakaroon ng problema. Katawa-tawa, dahil ito'y kawalan ng paninindigan at pagtanggap mula sa pangunahing suporta, ang pamilya, na kung saan ay isang malaking pinagmumulan ng problema. Ang inyong anak ay maaaring makaharap ng ilang uri ng diskriminasyon, panunukso o paghiwalay. Ngunit ang mga magulang, pamilya, at mga paaralan ay may kapangyarihang gawin matatag ang kalooban ng mga bata at lumikha ng mas ligtas, at mas inclusive na komunidad. Nagsisimula ito sa pagmamahal natin sa ating mga anak at pagbibigay ng suportang kinakailangan nila upang maging malusog at may kompyansa sa sarili at hanggang sa pagtataguyod sa mga ito sa malawak na komunidad, kabilang ang paaralan at healthcare system.

Ang transphobia ay umiiral sa maraming anyo at maaring kabilang ang mga puna at birong nagpapalalâ ng gender stereotypes, hindi pagbibigay ng mga karapatang tinatamasa ng pangkalahatang populasyon, hanggang sa malubhang mga pisikal na panliligalig. Maraming mga magulang at caregivers ang ipinapakita ang kanilang suporta sa kanilang gender diverse na mga anak sa pamamagitan ng pagsasalita kapag at kung saan mayroong nangyayaring transphobia. Ang pagsuporta ng mga kaibigan, mga guro at miyembro ng komunidad ay nakakatulong sa mga ito upang magdibelop ng malusog na pagpapahalaga sa sarili o self-esteem, na kung saan ay isang napakahalagang bahagi upang makaya at mabawasan ng kaunti ang sakit kapag ang isang tao ay nakakaranas ng transphobia.

Sa British Columbia at Canada, may mga batas na nagpoprotekta sa mga trans at gender diverse na tao mula sa diskriminasyon. Sa BC, ang identidad ng kasarian at pagpapahayag ay pinoprotektahan sa BC Human Rights Code, isang pangprobinsiyang batas na nagpoprotekta at nagtataguyod ng ating mga karapatang pantao. Sa pampederal na antas, ang identidad ng kasarian at pagpapahayag ay idinaragdag sa listahan ng mga ipinagbabawal na batayan ng diskriminasyon sa Canadian Human Rights Act.

Makakaapekto ba ito sa kaligtasan ng aking anak sa paaralan?

Ang inyong anak ay may karapatan na maging ligtas sa paaralan. Ang lahat ng paaralan sa BC ay kinakailangang magkaroon ng mga patakarang makatutulong upang lumikha ng isang welcoming at inclusive na kapaligiran sa pag-aaral para sa mga trans at gender diverse na mag-aaral. Upang tingnan ang Sexual Orientation and Gender Identity (SOGI) Policy and Regulations mangyaring bisitahin ang: <https://www.vsb.bc.ca/district-policy/acb-sexual-orientation-and-gender-identities> at <https://www.vsb.bc.ca/district-policy/acb-r-1-sexual-orientation-and-gender-identities>. Ang Vancouver School Board ay mayroon isang Diversity Mentor na available upang magbigay ng suporta sa paaralan, tumulong sa isang social transition plan at makipagtulungan sa mga tauhan ng paaralan sa inclusive curriculum at classrooms.

Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman at makakakonekta sa iba pang mga magulang ng gender diverse na mga bata?

Sa kabutihang palad, ang pagkonekta sa iba pang mga caregivers at pamilya ng mga gender diverse na kabataan ay mas madali kaysa dati, salamat sa internet at sa lumalaking pagbibigay pansin ng media. Kung kayo'y nakatira saan man sa BC, maaari kayong maikonekta ng Trans Care BC sa anumang available na resources sa inyong lugar. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Trans Care BC tingnan ang seksyon ng resources sa likod ng booklet na ito. Ang isa pang halimbawa ng grupo sa komunidad ay ang PFLAG (Parents, Family and Friends of Lesbian, Gay and Trans people), isang non-profit na grupo na may mga sangay sa buong BC, ito ay isang mahusay na paraan para kumonekta ang mga magulang sa iba pang nasa katulad na sitwasyon o nais ng higit na kaalaman. Para sa karagdagang impormasyon o upang humanap ng lokal na sangay na makakatulong sa inyong makaugnay sa iba pang magulang, mangyaring sumangguni sa www.pflagcanada.ca

Marami ring mga libro, pelikula, mga kumperensya, online support network at mga website na nag-aalok ng impormasyon at suporta para sa gender diverse na mga kabataan at kanilang mga kaalyado. Matatagpuan niyo ang karagdagang impormasyon sa aming seksyon ng resources sa ibaba.

References o mga pinagmulan ng impormasyon

Travers R, Bauer G, Pyne J, Bradley K, para sa Trans PULSE Project; Gale L, Papadimitriou M. (2012). *Impacts of Strong Parental Support for Trans Youth: Isang Report na Inihanda para sa Children's Aid Society of Toronto at Delisle Youth Services.*

Veale J, Saewyc E, Frohard-Dourlent H, Dobson S, Clark B & the Canadian Trans Youth Health Survey Research Group (2015). *Being Safe, Being Me: Results of the Canadian Trans Youth Health Survey.* Vancouver, BC: Stigma and Resilience Among Vulnerable Youth Centre, School of Nursing, University of British Columbia.

Our Trans Children. 2007. Parents, Families and Friends of Lesbians and Gays, Inc.

Action Tips for Allies of Trans People. 2006. Trans @ MIT (Massachusetts Institute of Technology). <http://web.mit.edu/trans>

Let's Talk Trans- Trans Care Youth. 2006. Vancouver Coastal Health, Transcend Transgender Support & Education Society, Canadian Rainbow Health Coalition.

Glossary/talahuluganan:

Ang wika ay mahalagang sangkap sa pag-unawa at magalang na pag-uusap. Ang glossary na ito ay hango mula sa SOGI-Mga Patakaran at Regulasyon ng Vancouver School Board.

Agender: Isang terminong ginagamit para sa isang tao na tinutukoy na walang identidad ng kasarian, neutral o may non-binary na identidad na kasarian.

Ally/Kaalyado: Isang taong hindi trans ngunit sinusuportahan ang mga trans at ang kanilang kagalingan o well-being. Ito ay maaaring maging kayo!

Asexual: Isang taong hindi naaakit ng sekswal sa anumang kasarian. Ang asexual na mga tao ay maaari pa ring romantikong maakit sa mga taong iba't iba ang mga kasarian at sekswalidad at magkaroon ng romantikong di- sekswal na relasyon.

Bisexual: Isang taong naaakit sa kapwa babae at lalaki.

Cisgender: Isang tao na ang identidad ng kasarian ay tumutugma sa kasariang itinalaga sa kanila sa kapanganakan, kabaligtaran ng transgender.

Gay/Bakla: Isang taong naaakit sa isang taong kapareho ang kasarian at/ o kasarian nila mismo. Ang terminong ito ay maaaring gamitin sa lahat ng mga kasarian ng karelasyon, ngunit pangunahing ginagamit sa pagtukoy sa mga lalaki.

Gender/Kasarian: Isang konseptong nilikha ng lipunan ukol sa identidad batay sa mga tungkulin, pag-uugali, mga aktibidad, at itsura tulad ng panlalaki, pambabae, androgynous o medyo lalaki at medyo babae ang itsura atbp.

Genderqueer: Isang masaklaw na terminong sumasakop sa mga identidad ng kasarian at pagpapahayag ng kasarian na nasa labas ng gender binary ng babae /lalaki at pambabae /panlalaki.

VS: Mga Tanong at Mga Sagot Para sa mga Magulang at Caregivers ng mga Transgender at Gender Diverse na Kabataan

Gender Dysphoria: Pagkabalisa na resulta ng pagkakaiba ng identidad ng kasarian ng isang tao at ng itinalagang kasarian ng taong ito, nauugnay sa gender role, at /o mga pangunahin at pangalawang katangian ng sekswalidad.

Pagpapahayag ng Kasarian: Ang mga paraan ng isang tao sa pagpapahayag ng kanilang kasarian sa iba (halimbawa, sa pagdadamit, hairstyle, mga gawi, atbp).

Identidad ng Kasarian: Panloob na kahulugan sa isang tao ng pagiging isang babae, isang lalaki, non-binary, agender, genderqueer o iba pang identidad sa gender spectrum.

Gender diverse: Isang termino na madalas ay tumutukoy sa mga bata at kabataang ipinapahayag ang kasarian sa mga paraang naiiba mula sa inaasahan ng lipunan sa sex at kasariang itinalaga sa kanila sa kapanganakan.

Heterosexual: Isang tao na pisikal at emosyonal na naaakit sa isang tao sa "kabiláng" kasarian. Ang mas karaniwang ginagamit na termino para sa heterosexual ay "straight".

Homophobia: Ang takot, kawalan ng kaalaman at masamang pagtrato sa mga tao na, o pinaghihinalaang mga, lesbian, bakla o bisexual. Ito’y madalas na humahantong sa bias, diskriminasyon, galit, panliligalig at paglabag sa karapatang pantao ng mga lesbian, bakla o bisexual. Maari ding target ng homophobic bullying ang sino mang indibidwal, anuman ang pinaghihinalaang sekswal na oryentasyon.

Intersex: Isang taong ipinanganak na may panloob / panlabas na pag-aari, chromones at / o hormones na di umaayon sa mga inaasahang mga katiyakan bilang lalaki o babae. Sa ilang mga kaso ito ay hindi natutuklasan hanggang sa puberty (pagbibinata/pagdadalaga).

Lesbian: Isang babae na naaakit sa kapwa babae.

LGBT2Q+: Isang pinaikling pangalan (acronym) na ang ibig sabihin ay lesbian, gay, bisexual, trans, Two-Spirit, at queer/ questioning. May iba’t iba pang mga terminong madalas na kasama sa acronym na ito, tulad ng asexual, at ang acronym na ito’y pwedeng mag-iba depende sa source. Ang plus sign (+) ay nagpapahiwatig ng pagsasama ng lahat ng mga sekswal at identidad ng mga kasarian.

Non-binary: Isang termino na ginagamit ng mga tao na ang identidad ng kasarian ay nasa labas ng binary categories ng mga babae at lalaki.

Pansexual: Isang tao na naaakit sa iba anuman ang kanilang kasarian.

Pronouns/mga panghalip: Mga salitang ginagamit upang tukuyin ang kanilang sarili (hal. siya/niya/kanya; sila/nila/kanila; xe, xem, xyr, atbp.)

Queer/Nakakatawa: Isang masaklaw na termino (madalas ginagamit bilang kapalit ng LGBTQ+ acronym) na ginagamit ng maraming mga indibidwal na makikilala bilang bahagi ng sekswal at gender diverse na mga komunidad (hal. lesbian, gay, transgender). Isang masakit na termino sa kasaysayan ng homoseksuwalidad. Maraming mga LGBTQ+ na tao ang muling nagpahayag na ito ay positibo at inclusive sa lahat ng kasarian at magkakaibang sekswal na identidad.

Sex/Kasarian: Isang byolohikong (biological) pag-uuri batay sa pisikal na katangian tulad ng chromosomes sex, hormones, internal na reproductive structures, at panlabas na pag-aari. Sa kapanganakan, ito'y ginagamit upang tukuyin ang mga indibidwal bilang lalaki o babae.

Seksuwal na Oryentasyon: Tumutukoy sa pagkaakit ng isang tao sa isang partikular na kasarian. Maaaring ang taong iyon ay isang, lesbian, gay, bisexual, queer, pansexual, atbp. Mahalagang tandaan na ang sekswal na oryentasyon at identidad ng kasarian ay magkahiwalay. Kahit na ang isang bata na karaniwang wala pang kamalayan sa kanilang sekswal na oryentasyon hanggang sumapit ng puberty ay karaniwang mayroon ng malakas na pandama sa kanilang identidad ng kasarian. Ang mga termino tulad ng "sexual preference" at "lifestyle" ay mahinang pamalit dahil ipinapahiwatig ng mga ito na may pagpipilian kung saan maraming lesbian, gay at bisexual na mga tao ay nagsasabing hindi ito ang kanilang realidad.

Trans: Isang pinaikling termino para sa transgender. Isang masaklaw na termino na maaaring gamitin upang ilarawan ang tao na ang identidad ng kasarian at/ o pagpapahayag ng kasarian ay naiiba mula inaasahan ng lipunan sa sex na itinalaga sa kapanganakan. Ang ilang mga trans ay maaaring piliin na magkaroon ng medical transition sa pamamagitan ng pag-inom ng hormones at kinakailangang surgery. Ang ilang mga trans ay maaaring piliin ang social transition sa pamamagitan ng pagpapalit ng kanilang pangalan, damit, buhok, atbp.

Transphobia: Ito ay takot, kawalan ng kaalaman at masamang pagtrato sa mga tao na, o ay pinaghihinalaang mga, trans o di-umaayon sa kasarian. Madalas itong humahantong sa bias, diskriminasyon, galit, panliligalig at paglabag sa karapatang pantao ng mga transgender o gender diverse na mga tao. Maaari ding maging

target ng transphobic bullying ang sino mang indibidwal, anuman ang pinaghihinalaang status ng kasarian.

Transition/Pagbabago: Isang terminong pinakamadalas ginagamit upang tukuyin ang isang taong nasa transition mula sa isang kasarian kapalit ng isa pa. Madalas na kasama sa transition ang pagbabago sa estilo ng damit, pagpapalit ng pangalan, at kahilingan sa mga tao na gamitin ang tamang panghalip kapag inilalarawan ang mga ito. Maaari ding ang transition, ngunit di palagi, ay kinabibilangan ng mga medikal na pangangalaga tulad ng hormone therapy at/ o surgery.

Two-Spirit: Isang Katutubong termino na naglalarawan ng tunay na diwa ng kapwa sa lalaki at babaeng espiritu. Ang identidad na ito ay di lamang sa pagpapahayag ng kasarian o sekswalidad, kundi sumasaklaw sa kanila pareho habang kalakip ang espirituwal na elemento. Ito ay isang natatanging identidad, hindi isang Katutubong termino lamang para sa gay o lesbian. Ang pagtangkang burahin ang mga taong Two-Spirit sa Katutubong komunidad ay isa sa masamang mga epekto ng kolonisasyon. Ang mga Two-Spirit na tao ay lubos na kinikilala sa kasaysayan ng Katutubong komunidad, at madalas ang ginagampanang tungkulin ay manggagamot (medicine people).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga health care resources at suportang available sa inyong lugar, mangyaring kontakin ang Trans Care BC:
www.phsa.ca/transcare

Ang Trans Care BC ay isang programa ng Provincial Health Services Authority na sumusuporta sa paghahatid ng patas at maa-access na pangangalaga, surgical planning, peer at community support para sa mga transgender at gender diverse na tao sa buong BC.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga resources at suportang inaalok ng Vancouver School Board, mangyaring kontakin ang VSB Diversity Mentor:
diversity@vsb.bc.ca, 778-228-1914

Iba pang Mga Babasahin at Community Resources

CampOUT! UBC

Isang taunan na summer camp para sa mga queer, trans at kaalyadong kabataan para sa mga 14-21 taon gulang sa buong BC.

<http://campout.ubc.ca/>

604-822-8298

1-877-678-CAMP(2267)

Families In Transition: isang Resource Guide para sa mga Pamilya ng mga Transgender na Kabataan

<http://www.ctys.org/wp-content/uploads/2016/03/CTYS-FIT-Families-in-Transition-Guide-2nd-edition.pdf>

Gender Spectrum

Isang U.S. based na suporta para sa mga pamilya ng gender diverse na mga bata at kabataan. Nagbibigay ng edukasyon, training at suporta upang makatulong na lumikha ng isang gender sensitive at inclusive na kapaligiran para sa lahat ng mga bata at kabataan.

www.genderspectrum.org

Native Youth Sexual Health Network

Ang Native Youth Sexual Health Network ay isang samahan ng at para sa mga Katutubong kabataan na natatrabaho para sa lahat ng mga isyung nauukol sa sekswal at reproductive health, mga karapatan, at hustisya sa buong Turtle Island (US at Canada)

<http://www.nativeyouthsexualhealth.com/index.html>

Parents, Family and Friends of Lesbians and Gays (PFLAG)

Nagbibigay kami ng suporta para sa buong pamilya at mga kaibigan. Nagsusumikap kaming lumikha ng isang kapaligiran ng pag-unawa upang sa gayon ang ating gay, lesbian, bisexual at transgendered na mga anak ay maaaring mabuhay nang may dangal at iginagalang.

Vancouver: www.pflagvancouver.com
604-626-5667

QMUNITY - BC's Queer Resource Centre

Impormasyon at mga referral, edukasyon, library, peer group, social support, at libreng counselling. Youth support programming at lingguhang drop-ins.
1170 Bute Street @ Davie, Vancouver
www.qmunity.ca
604-684-5307

USB Mga Tanong at mga Sagot para sa mga Magulang at Pamilya ng Lesbian, Gay at Bisexual na mga Kabataan (website) Safe and Caring Schools for Two-Spirit Youth: Isang Patnubay para sa mga Guro at Mag-aaral

<http://www.safeandcaring.ca/wp-content/uploads/2013/08/Two-Spirited-Web-Booklet.pdf>

Urban Native Youth Association (UNYA)

Nag-aalok ng programming para sa mga Katutubong kabataan sa kapaligiran ng Vancouver kabilang ang counselling sa isang kultural na konteksto, suporta sa paaralan, tulong sa paghanap ng trabaho, hindi mapanghusgang health care at sex education, Two-Spirit at Queer Indigenous Sweat Lodges, koneksyon sa Two-Spirit Elders, at isang Katutubong LGBTQ+ Drop-in group para sa mga 12-18 gulang na kabataan.

www.unya.bc.ca
schoolsupport@unya.bc.ca
604-254-7732 or text/call: 604-861-8117

Mangyaring tingnan ang aming website para sa mga isinalin sa ibang wika na bersyon ng booklet na ito at mga Tanong at mga Sagot para sa mga Magulang at Miyembro ng Pamilya ng mga Gay at Lesbian na Kabataan:

Salamat sa pagsuporta ng

